

## Update sa COVID-19 – ika-4 ng November 2021

Narito ang buwanang update sa Covid-19 ngayong Nobyembre:

### PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Pitong libo pitong daan at apatnapu't pito (7,747)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Wala (0)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Pitumpu't dalawa (72)
- Damang kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Apat (4)

### QUARANTINE

Ang bagong *Infectious Diseases Control (Coronavirus, Quarantine) Regulations 2021* sa Falkland Islands, ay mariing ipinatupad noong Agosto at mananatiling nakapatupad hanggang sa ika-8 ng Agosto 2022 (maliban na lamang kung bawiin ito ng mas maaga) at pag-aaralan kada dalawang buwan, upang masigurong ang mga ito ay kailangan pa rin at manatiling akma para sa layunin. Siguruhing ikaw ay may kaalaman sa mga legal na pangangailangan saklaing kailangnanin mong magsagawa ng quarantine sa Falkland Islands. Makikita mo ang lahat ng impormasyon na ito sa pagbisita sa: [www.fig.gov.fk/covid-19/quarantine](http://www.fig.gov.fk/covid-19/quarantine)

### UPDATE SA BAKUNA

Kasalukuyan nang isinasagawa ang mga susunod na hakbang para sa programa sa bakuna laban sa Covid-19. Sa ilalim ng kasalukuyang *roll out*, ang pangatlong pangunahing dosis, na bakunang mula sa Moderna, ay kasalukuyang ibinabahagi sa mga taong higit na nanganganib, tulad ng mga taong sumailalim sa *organ transplants* o mga taong gumagamit ng mga *immunosuppressant drugs* na may mataas na dosis. Ang mga taong ito ay tatawagan ng KEMH kung sila ay karapat-dapat sa bahaging ito ng programa.

Ang *booster*, nakalahating dosis ng bakuna mula sa Moderna, ay ibinibigay sa mga sumusunod na tao:

- Ang lahat ng taong may edad 50 pataas na nakatanggap ng pangalawang dosis ng bakuna mula sa Oxford/AstraZeneca bago ang katapusan ng Abril.
- Mga taong nakilala sa unang bahagi ng bakuna na nasa mapanganib na trabaho na nakatanggap ng pangalawang dosis ng bakuna mula sa Oxford/AstraZeneca bago ang katapusan ng Abril.

Tulad ng dati, mas maigi at mainam na kung ang mga residente mula sa East Falklands Camp o sa kahit sinong residente mula sa West Falkland Outer Islands na maaaring nasa siyudad, ay pumunta at dumiretso papuntang Stanley para sa kanilang bakuna. Pinadalhan ng sulay ang mga kliyente ng *Community Support Team* upang kumpirmahin ang mga detalye ng kanilang bakuna na isasagwa tuwing *home visits*. Ang *travelling*

*vaccination programme* ay magbibigay ng *booster* o pangatlong pangunahing dosis para sa mga karapat-dapat sa West at Outer Islands at ito ay maaaring maisagawa sa linggo na magsisimula sa ika-15 ng Nobyembre.

Ikinasisiyang ipaaalam ng KEMH na kumpirmadong ang bakuna mula sa Moderna ay ibibigay rin sa mga batang may edad 12 hanggang 17. Kailangan ng pahintulot mula sa magulang para sa mga batang may edad 12 hanggang 15 upang makatanggap ng isang dosis sa Disyembre sa FICS. Ang mga may edad 16 hanggang 17 ay maaaring magbigay ng kanilang sariling pahintulot para sa dalawang dosis simula sa Nobyembre hanggang kalagitnaan ng Disyembre.

Patuloy na tumutok sa mga karaniwang pinagkukunan ng impormasyon mula sa mga *communication channels* ng Gobyerno ng Falkland Islands at sa local na midya para sa impormasyon tungkol sa petsa at oras ng susunod na bahagi ng *rollout*.

### **MGA PATNUBAY SA SHIPPING**

Kamakailan lamang ay naglabas ang Gobyerno ng Falkland Islands ng mga dokumento sa *shipping* na nagbibigay ng patnubay sa mga *fishing* at *expedition vessels* na nagnanais pumasok sa mga karagatan ng Falkland Islands. Ang bawat patnubay ay idinisenyo upang suportahan ang mga *vessel operators* at masiguro na sila ay may mga mahahalagang polisiya at mga pamamaraan na nakalagay para protektahan laban sa Covid-19, pati na rin magbigay linaw sa mga batas at paghihigpit na nakalugar dahil sa pandemya. Ang karagdagang impormasyon tungkol dito ay makikita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/travel/shipping>

### **ANG TRIP2 AT BFSAI TRIP2 SCHEMES**

Kasunod ang matagumpay na *Tourism Recovery Incentive Programme*, ang pangalawang bahagi ng programang ito ay kasalukuyan nang isinasagawa. Ang TRIP2 ay bukas sa lahat ng residente sa Falkland Islands at ito ay inilunsad noong ika-1 ng Oktubre 2021 at magtatapos sa ika-30 ng Abril 2022. Ang BFSAI TRIP2 scheme ay ipinatupad din sa parehong panahon.

Para sa karagdagang impormasyon sa TRIP2, maaaring bumisita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/tourismscheme/trip-scheme>

Para sa karagdagang impormasyon sa BFSAI TRIP2, maaaring bumisita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/tourismscheme/bfsai-trip-scheme>

### **WEBSITE NG COVID-19**

Patuloy kaming nakakakuha ng mga katanungan mula sa Facebook tungkol sa mga hakbang para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands, tulad ng mga katanungan sa pagbibiyaha, pagsusuri, at sa quarantine. Ang mga impormasyon na ito ay makikita sa ating itinalagang Covid-19 website, na madalas na ina-update at nagbibigay ng

mgapinakabagong mga abiso, patnubay, at mga regulasyon, pati na rin ang *archive* simula pa noong Marso 2020. Sa kasalukuyan ay mayroon nang 38,000 na bisita sa ating website simula pa noong ito ay pinatakbo, at nananatiling pinakamainam na pinagkukunan ng impormasyon at suporta para sa Covid-19; bumisita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/>

**Ang susunod na buwanang update para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands ay sa ika-1 ng Disyembre 2021.**